

Impormasyon ukol sa Sertipiko ng Bakuna ng COVID-19 para sa Pangingibang Bansa

Kung pupunta sa ibang bansa, kinakailangang magsumite ng Sertipiko ng Bakuna ng COVID-19 sa pagpasok sa bansa bilang katibayan na tayo po ay nakapagpabakuna na. Ang Sertipiko ay maaaring makuha sa Munisipyo ng bawat lungsod o bayan-bayanan (kabilang ang mga natatanging lugar at katulad ng nakasaad sa ibaba) simula ika 26 ng Hulyo, 2021 (Lunes)

Buod na impormasyon ukol sa Sertipiko ng Bakuna

Nakasaad sa Patakaran ng Pagbabakuna na ang nararapat mag aplay o kumuha ng sertipiko ng Bakuna ng COVID-19 sa Munisipyo ay ang mismong tao na nagpabakuna bilang katibayan na siya ay nabakunahan na.

Pansamantala, ang Sertipiko ay ipapadala na hard copy. Aming ginagawang maging digitize ang Sertipiko ng Bakuna hanggang sa katapusan ng taon. Inaakalang ang pamantayan ng two-dimensional code (QR code) na kailangan para sa digital na sertipiko ay mailalathalang pang buong daigdig na pamantayan(ICAQ VDS-NC, SMART Health Cards).

★Mga dapat Tandaan

- Ang pagpapabakuna ay ayon sa sariling desisyon at sa dahilan sa pagkuha ng sertipiko ng bakuna ng COVID, ang pagpapabakuna ay hindi sapilitan.
- Hindi dahilan ang walang sertipiko upang hindi makapag biyahe sa ibang bansa.
- Ang sertipiko ay patunay ng preventive measure sa iba't- ibang bansa at hindi kahulugan na maaari nang magparoo't parito sa ibang bansa. Subalit, ito ay maaaring magamit sa pangingibang bansa. Alamin ang pinakabagong impormasyon na nasa homepage ng Ministry of Health, Labour and Welfare na nasa ibaba. MHLW HP: [Listahan ng mga Bansa at Prepektura na kung saan magagamit ang sertipiko ng Bakuna ng COVID-19](#) (Wikang Hapon lamang)

Mula Oktubre 1, 2021, kasama ng mga bagong hakbangin ukol sa panahon ng paghihintay pagkatapos makapasok/makabalik sa Japan, posibleng magamit ang COVID-19 na Sertipiko Ng Bakuna kasama ng Sertipiko ng Pagpapabakunang tala na ibinigay ng mga lokal na pamahalaan at mga medikal na institusyon. Para sa mga detalye, paki tingnan ang kalakip na link.-

Aplikasyon at Pagtanggap ng Sertipiko

■ Mga Karapat-dapat

Pansamantala, ang makakatanggap lamang ng sertipiko ay ang mga tao na makakasunod sa 2 kondisyones na nakasaad sa ibaba.

- (1) Nakapag pabakuna ng COVID-19 na ayon sa patakaran o ranggo ng pagpapababakuna (mga tauhan at opisyal ng medikasyon a • mga pangunahin, pagbakuna sa kompanya, normal na pagpapabakuna, (na kung saan ginamit ang kupon ng bakuna na nagmula sa munisipyo) .
- (2)Mga aplikanteng magbibiyahe sa ibayong dagat mula Japan, o kaya papasok/pabalik sa Japan na nangangailangan ng Sertipiko.

Subalit ang mga taong nakasaad sa ibaba ay hindi saklaw.

Ang mga aplikanteng ang layunin sa pagkuha ng sertipiko ay hindi upang mangibayong dagat o pumasok/babalik sa Japan (Pansamantala)

- Nagpabakuna sa ibang bansa (hindi ayon sa patakaran ng pagpapabakuna ng Japan) .
- ✂Para sa impormasyon ukol sa mga babalik sa Japan na mga hapon na naninirahan sa ibang bansa na nakapagpabakuna at may sertipiko nito ay mangyaring sumangguni sa Department of Foreign Affairs.
- ✂ Para sa mga [lumahok sa clinical trial](#) ng Bakuna ng COVID-19, i-click ang link (Wikang Hapon lamang)

■ Para sa Aplikasyon


Ang aplikasyon ay maaring gawin sa munisipyo na nagpadala ng kupon para sa bakuna (Partikular sa mga rehistradong residente ng munisipalidad. Kung lumipat ng tirahan matapos magpabakuna, at naging magkaiba ang munisipalidad, mangyaring mag aplay ng sertipiko sa bawat munisipyo ninyo.

■ Mga Kinakailangang dalhin sa Pag-aplay

- (1) Application form ※ 1
- (2) Balidong Pasaporte ※ 2
- (3) Isang parte ng kupon ng bakuna 「Preliminary test slip」 ※ 3
- (4) Rekord na nagsasaad na nakapag pabakuna na ※ 4

注： Maliban dito, maaaring kailanganin na magdala ng iba pang dokumento. Para sa detalye, bisitahin ang homepage ng bawat munisipalidad.

- ※ 1 Magmumula sa bawat munisipalidad o bayan-bayanan.
- ※ 2 Kinakailangan na ang numero ng pasaporte na nakasulat sa sertipiko ng bakuna at pasaporte na gagamitin papuntang ibang bansa ay magkapareho. Kung ito ay magkaiba, kinakailangang mag aplay muli ng panibagong sertipiko ng bakuna. Para sa mga kasalukuyang nag aaplay ng pasaporte, mangyaring mag aplay ng sertipiko ng bakuna pagkatanggap ng pasaporte. Para sa mga banyaga, maaari ring gamitin ang kanilang pasaporte para sa aplikasyon.
- ※ 3 (3) Kung wala nito, maaaring gamitin ang dokumento na maaaring ma tsek ang My Number (Larawan ng Sertipiko ng Residente na kung saan nakasulat ang My Number, at iba pa). Kung walang dokumento na maaaring ma tsek ang My Number, maaaring gamitin ang dokumentong ginamit sa pagpapabakuna na nakasulat ang iyong tirahan. Ang parte ng 「Preliminary test」 ay katulad ng nasa ibaba



- ※ 4 (4) Kung ito ay naiwala, maaaring gamitin ang larawan ng Preliminary test slip, (na para sa taong nagpabakuna) .

■ Nilalaman o Nakasulat

Nakasulat sa Sertipiko ng Bakuna ng COVID-19 ang detaye na pagkakakilanlan (Pangalan, Araw ng Kapanganakan at iba pa) at ang rekord ng natanggap na bakuna ng COVID-19 (Uri ng Bakuna, Araw ng pagbakuna at iba pa) at bilang karagdagan, sa paggamit sa pangingibang bansa, nakasulat rin ang detalye ng pasaporte, nakasulat sa wikang hapon at ingles, at mapipigil ang pagpeke nito. ([Format ng Sertipiko ng Bakuna](#))*UPDATED NA

Kontak

※Para sa Pagkuha ng Sertipiko ng bakuna, mangyaring sumangguni sa bawat munisipalidad o bawat munisipalidad o bayan-bayanan na naglalabas ng sertipiko ng bakuna.

※Para sa pangkaraniwan • limitadong uri na ukol sa sertipiko,mangyaring tumawag sa Call Center ng MHLW COVID-19 Vaccine.

MHLW COVID-19 Vaccine Call Center

Telepono : 0120-761770

Hapon • Ingles • Tsina • Koreyano • Portuguese • Kastila: 9:00 ~ 21:00

Thai: 9:00 ~ 18:00 Vietnamese: 10:00 ~ 19:00